

## Gumawa ng mga pagsasaayos bago ang iyong pagdinig sa korte

- **Kung ikaw o ang isang saksi ay gustong dumalo sa korte nang malayuan (sa pamamagitan ng telepono o video conference)**

Tingnan ang website ng korte sa lalong madaling panahon upang makita kung ano ang kailangan mong gawin upang makadalo nang malayuan. Maaari mong gamitin ang [www.courts.ca.gov/find-my-court.htm](http://www.courts.ca.gov/find-my-court.htm) upang mahanap ang website ng iyong korte.

- **Interpreter ng korte:** Kung kailangan mo ng interpreter, gamitin ang [form na INT-300](#) para humiling ng interpreter o tanungin ang klerk ng hukuman kung paano ka makakahiling ng isa. Maaari mo ring gamitin ang form na ito upang humingi ng interpreter para sa isang testigo.
- **Pangangalaga sa Bata:** Maghanap ng mag-aalaga sa bata dahil maaaring tumagal ang korte ng buong umaga o hapon, kahit buong araw. Ang ilang mga korte ay may Children's Waiting Room, isang ligtas na lugar para sa mga bata na maghintay habang ang mga magulang ay nasa korte. Maaari kang magtanong sa iyong korte nang maaga upang malaman kung ito ay magagamit.
- **Taong Sumusuporta:** Maaari kang magdala ng isang tao na dadalo sa korte na kasama mo. Ang taong dadalhin mo ay hindi maaaring magsalita para sa iyo ngunit maaaring umupo sa tabi mo kapag tinawag ang iyong kaso (kung dumalo ka nang personal). Kung ikaw ay dadalo sa pamamagitan ng videoconference, maaari ding dumalo ang taong sumusuporta sa iyo
- **Akomodasyon para sa may kapansanan:** Maaari kang gumamit ng [form na MC-410](#) upang humiling ng tulong. Kontakin ang disability/ADA coordinator sa iyong lokal na korte para sa higit pang impormasyon.

## Kahilingan para sa Akomodasyon



Available ang mga assistive listening system, computer-assisted real-time captioning o mga serbisyo ng interpreter ng sign language kung hihiling ka sa hindi bababa ng limang araw bago ang pagdinig. Makipag-ugnayan sa opisina ng klerk o pumunta sa [www.courts.ca.gov/forms.htm](http://www.courts.ca.gov/forms.htm) para sa *Kahilingan para sa Akomodasyon ng may Kapansanan* ([porma MC-410](#)). (Seksyon 54.8 ng Kodigo Sibil)

## Magdala ng ebidensya o mga saksi sa iyong pagdinig sa korte

Kung mayroon kang ebidensya o saksi, basahin ang impormasyon sa ibaba. Ang pagdadala ng ebidensya o mga saksi ay opsyonal at hindi kinakailangan. Ang iyong mga pahayag ay maaaring maging patunay na para sa iyong kaso. Kung ikaw ang taong humihiling ng kautusan sa pagpigil kailangan mong kumbinsihin ang hukom na nangyari ang pang-aabuso. Ang hukom ay gagawa ng desisyon batay sa lahat ng ebidensya at mga pahayag na ginawa ng magkabilang panig.

- **Katibayan:** Maaaring kasama sa ebidensya ang mga larawan, email, mga rekord na medikal na nagpapakita ng mga injury, mga ulat ng pulisya, atbp. Kung mayroon kang ebidensya, kakailanganin mong gawin itong available sa hukom at kabilang panig upang ito ay makita. Minsan ang hukom ay hindi titingin o isasaalang-alang ang ilang mga dokumento. Ang hukom ang magpapasya kung aling mga dokumento ang maaaring isama sa iyong kaso. Kung personal kang dadalo sa korte, magdala ng tatlong kopya ng iyong nakasulat na ebidensya, kung hindi mo pa ito naihain at naihatid sa kabilang panig. Kung mayroon kang ebidensya at gusto mong dumalo sa petsa na itinalaga ng iyong korte sa pamamagitan ng telepono o video conference, makipag-ugnayan sa iyong lokal na self-help center para sa impormasyon kung paano ibahagi ang iyong ebidensya sa hukom at sa kabilang panig.
- **Mga Saksi:** Maaari mong hilingin sa hukom na payagan ang mga saksi na magsalita sa iyong pagdinig sa korte. Kung marami kang saksi, maaaring kailanganin mong kumpletuhin ang mga papeles bago ang iyong pagdinig sa korte. Magtanong sa iyong lokal na self-help center para sa higit pang impormasyon.

**Mga payo para sa iyong pagdinig sa korte****Planuhin kung ano ang gusto mong sabihin sa hukom**

Maaaring makatulong na magplano at gumawa ng mga tala tungkol sa nais mong sabihin sa hukom. Kung kinakailangan, maaari mong gamitin ang iyong mga tala para sa iyong pagdinig sa korte. Basahin ang mga papeles ng korte sa iyong kaso at isulat ang anumang bagay na gusto mong malaman ng hukom. Tumutok sa mga katotohanan at mga detalye na sumusuporta sa iyong panig ng kuwento. Suriin ang anumang mga papel na iyong natanggap mula sa kabilang panig. Subukang unawain kung ano ang kanilang hihilinging at pinagtatalunan sa kaso (kanilang mga paratang). Kung hindi ka sumasang-ayon, sabihin sa hukom. Isipin at isulat kung paano mo gustong ipagtanggol ang sarili laban sa kanilang mga argumento.

**Dumalo nang maaga at ligtas**

Magpakita o tumawag sa iyong pagdinig nang maaga. Kung ikaw ay dadalo online, magpraktis gamit ang teknolohiya, tulad ng Zoom, bago ang iyong petsa ng pagdinig sa korte. Kung ikaw ay mahuhuli, maaaring hindi mo marinig ang pagtawag sa iyong kaso. Kung maaari kang mahuli, subukang tawagan agad ang korte upang ipaalam sa mga kawani ng korte na ikaw ay mahuhuli.

- ▶ Kung dadalo ka nang personal, huwag umupo sa malapit o makipag-usap sa ibang tao. Kung natatakot ka sa tao sa kabilang panig, sabihin ito sa opisyal na nasa loob ng silid ng korte.
- ▶ Kung dadalo ka sa pamamagitan ng video conference, at ayaw mong makita ng kabilang panig kung nasaan ka o ang numero ng iyong telepono (kung tatawag ka), makipag-usap sa isang tagapagtaguyod tungkol sa kung paano ligtas na dumalo gamit ang video conference. Maaaring kabilang dito ang paggamit ng virtual na background o paggamit ng ibang numero ng telepono para tumawag. Maaari kang makipag-ugnayan sa National Domestic Violence Hotline para sa libreng tulong. Tingnan ang pahina 4 para sa impormasyon.

**Sundin ang mga tuntunin sa silid ng korte**

Narito ang ilang karaniwang tuntunin:

- Ilagay ang iyong cellphone sa silent mode, kung ikaw ay dadalo nang personal.
- Huwag kumain o uminom sa panahon ng iyong pagdinig, maliban sa tubig.
- Huwag magsuot ng sumbrero o salamin pang-araw sa iyong ulo.
- Kapag nakikipag-usap sa hukom, tawagin ang hukom na “your honor” o “Judge”.
- Huwag gambalain ang sinumang nagsasalita.
- Maghintay hanggang sa ikaw na ang nararapat na magsalita at ipaalam sa hukom na gusto mong magsalita.

**Ano ang mangyayari sa pagdining ng aking kaso?****Bibigyan ng oras ng hukom ang magkabilang panig para magsalita**

Kadalasan, ang hukom ay hihilingin sa taong nais ng kautusan sa pagpigil na unang magsalita. Kahit sino pa ang unang magsalita, pareho kayong magkakaroon ng pagkakataong magsalita. Ang pagdalo sa korte ay maaaring maging mahirap at mabigat ngunit mahalagang huwag sabayan ang pagsasalita ninuman. Kung mayroon kang gustong sabihin ngunit hindi mo pa panahon, hayaan ang tao na matapos magsalita at pagkatapos ay humingi ng pahintulot sa hukom na magsalita

**Ang hukom ay mag-iiskedyul muli ng iyong pagdinig sa korte o gagawa ng desisyon.**

- ▶ Mayroong ilang mga dahilan kung bakit maaaring muling iiskedyul ng hukom ang petsa ng iyong pagdinig. Ito ay tinatawag na pagpapatuloy. Narito ang ilang mga halimbawa:
  - Ang taong humihingi ng kautusan sa pagpigil ay hindi naghain sa kabilang panig sa itinakdang oras (sa deadline).
  - Ang hukom ay kailangang maglaan ng mas maraming oras para dinggin ang iyong kaso.
  - Kung ang pinigilan na tao ay hindi nagsampa ng tugon (porma DV-120) at humihingi ng karagdagang panahon upang maghanda para sa kaso, dapat ibigay ng hukom ang kanilang kahilingan kung hihilingin nila ito sa unang pagdinig sa korte.

Kung muling iiskedyul ng hukom ang petsa ng iyong pagdinig sa korte, karaniwang papalawigin ng hukom ang pansamantalang utos sa pagpigil, kung ito ay ipinagkaloob. Kung muling iiskedyul ng hukom ang petsa ng iyong pagdinig sa korte, tiyaking makakakuha ka ng bagong utos ([form DV-116](#), *Utos sa Kahilingan na Ipagpatuloy ang Pagdinig*).

- ▶ Kung ang kautusan sa pagpigil ay tinanggihan, nangangahulugan ito na nagpasya ang hukom na walang sapat na ebidensya upang patunayan na naganap ang pang-aabuso. Nangangahulugan ito na ang iyong kaso sa kautusan sa pagpigil ay tapos na at anumang pansamantalang proteksyon ay mapapawalang bisa.
- ▶ Kung ang kautusan sa pagpigil ay ipinagkaloob, nangangahulugan ito na ang hukom ay nagpasya na may sapat na ebidensya upang patunayan na nangyari ang pang-aabuso. Dapat mong suriin ang kautusan sa pagpigil upang matiyak na naiintindihan mo ang lahat ng mga utos. Tingnan ang susunod na pahina para sa impormasyon sa mga susunod na hakbang.

**Ano ang gagawin ko pagkatapos maibigay ang isang kautusan sa pagpigil?**

Kung natapos na ang iyong pagdinig sa korte at binigyan ka ng hukom ng pangmatagalang kautusan sa pagpigil, maaaring mayroon ka pang ilang hakbang na kailangang gawin. Tiyaking nakumpleto ang lahat ng hakbang sa lalong madaling panahon. Kung hindi mo gagawin, baka hindi maipatupad ng pulis ang iyong kautusan sa pagpigil.

**Protektadong tao:**

- ① Ang iyong kautusan sa pagpigil ay nasa form DV-130, *Kautusan sa Pagpigil Pagkatapos ng Pagdinig*. Kung wala kang form na DV-130 na nilagdaan ng hukom, itanong sa klerk upang makita kung may inihain. Kung mayroon, humingi ng kopya. Kung ito ay hindi pa naihain, kakailanganin mong punan ang:
  - [Form DV-130](#) (kinakailangan).
  - [Form DV-140](#), *Kautusan sa Pag-iingat ng Bata at Pagbisita* (kinakailangan kung ang hukuman ay gumawa ng mga utos para sa iyong mga anak).
  - [Form FL-342](#), *Impormasyon sa Suporta sa Bata at Pagbigay ng Kautusan*, o [form FL-343](#), *Pagbigay ng Kautusan sa Suporta ng Asawa, Kasosyo sa Bahay, o Pamilya*, kung ang hukom ay nag-utos ng suporta sa bata o suporta sa asawa.
- ② Ibigay ang iyong (mga) nakumpletong form sa klerk ng korte. Pagkatapos ay ibigay ito ng klerk sa hukom upang suriin at lagdaan. Kakailanganin mong kunin ito kapag napirmahan na ito. Tanungin ang clerk ng korte kung kailan magiging handa ang iyong mga form. Walang fee para sa pagpapasa ng form na ito, at dapat kang makatanggap ng ilang libreng kopya.
- ③ Tingnan ang form DV-130 upang malaman kung inutusan ka ng hukom na ihatid ang form sa pamamagitan ng mail o sa personal. Kung inutusan kang ihatid ang form sa pamamagitan ng mail, nangangahulugan ito na kailangan lang magpadala ang iyong tagapaghatid ng kopya ng kautusan sa pagpigil. Ngunit, ang paghahain sa isang tao nang personal ay mas mainam. Kapag nagpadala ka ng mga papeles sa korte, maaaring mahirap patunayan na ang tao ay talagang nakatanggap ng isang kopya lalo na kung ang tao ay madalas na lumilipat. Matuto nang higit pa tungkol sa serbisyo sa: <https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/serve-longterm-order>.

**Taong pinigilan:**

- ① Dapat mong sundin ang mga utos ng hukom. Ang mga utos ay nasa form [DV-130](#), *Kautusan sa Pagpigil matapos ang Pagdinig*. Kung hindi mo ito susundin, maaari kang arestuhin, o mahatulan ng isang krimen.
- ② Kung mayroon kang anumang ipinagbabawal na bagay (mga armas (baril), mga bahagi ng baril, mga amunisyon), dapat mong dalhin ang lahat ng mga bagay na ito sa isang lisensyadong nagbebenta ng baril o pulis. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang [form DV-800-INFO/JV-270-INFO](#), *Paano Ko Isuko, Ibenta, o Itago ang aking mga Armas, Bahagi ng Baril, at Amunisyon?* Ang impormasyon ay makukuha rin online sa: [www.selfhelp.courts.ca.gov/respond-to-DV-restraining-order/obey-firearms-orders](http://www.selfhelp.courts.ca.gov/respond-to-DV-restraining-order/obey-firearms-orders). Libre ang tulong na makukuha mo sa iyong lokal na self-help center. Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na hukuman sa [www.courts.ca.gov/selfhelp](http://www.courts.ca.gov/selfhelp).

**Paano kung may anak ako sa kabila?**

Kung humiling ka ng kautusan para sa kustodiya ng bata o pagdalaw (oras ng pagiging magulang), maaaring ipagkaloob ng hukom na makipagkita ka sa isang propesyonal sa korte upang makita kung ikaw at ang kabilang magulang ay maaaring magkasundo sa oras ng pagiging magulang. Ang prosesong ito ay tinatawag na “pamamagitan.” Maaari mong hilingin na makipagkita nang hiwalay at hindi kasama ang kabilang panig sa iyong kaso. Tanungin ang kawani ng korte kung paano mo magagawa ang kahilingang ito. Para sa karagdagang impormasyon sa pamamagitan, pumunta sa: [www.selfhelp.courts.ca.gov/child-custody/what-to-expect-mediation](http://www.selfhelp.courts.ca.gov/child-custody/what-to-expect-mediation).

**Ano ang mangyayari kung hindi ako dumalo sa pagdinig ng korte?**

- ▶ Kung humingi ka ng kautusan sa pagpigil at hindi ka dumalo sa pagdinig, ang anumang proteksyon na mayroon ka sa kasong ito ay mawawalan ng bisa. Kung ang kabilang panig ay dadalo sa pagdinig at ikaw ay hindi, ang hukom ay maaaring gumawa ng ilang mga utos laban sa iyo, tulad ng mga bayad sa abogado. Upang makakuha ng isa pang kautusan sa pagpigil, kailangan mong punan at ihain ang bagong set ng mga form. Kung nagbago ang iyong isip at ayaw mo na ng kautusan sa pagpigil, makipag-usap sa kawani ng self-help center o isang abogado.
- ▶ Kung may humiling ng kautusan sa pagpigil laban sa iyo, at hindi ka dumalo sa pagdinig, maaaring magbigay ang hukom ng kautusan sa pagpigil laban sa iyo nang hindi naririnig ang iyong panig. Ang kautusan ay maaaring tumagal ng hanggang limang taon, at maaaring magsama ng mga utos tungkol sa mga bata o ari-arian na mayroon ka sa taong humihingi ng proteksyon.

**Ang impormasyon tungkol sa proseso ng korte ay available rin online**

<https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/process>.

**Saan ako makahanap ng self-help center?**

Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na hukuman sa [www.courts.ca.gov/selfhelp](http://www.courts.ca.gov/selfhelp). Ang mga kawani ng self-help center ay hindi kikilos bilang iyong abogado ngunit maaaring makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang matulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso.

**Saan pa ako makahanap ng tulong?**

Ang National Domestic Violence Hotline ay nagbibigay ng libre at mga pribadong tip sa kaligtasan. Available ang tulong araw-araw, 24 oras sa isang araw, at sa mahigit 100 na mga wika. Bisitahin online sa [www.thehotline.org](http://www.thehotline.org) o tumawag sa 1-800-799-7233; 1-800-787-3224 (TTY).